


Programa ng Pagpapasya para sa Sarili



PAGPAPASYA
PARA SA SARILI



Sino ang karapat-dapat?

- Ang mga kalahok sa SDP ay kailangang maging isang indibidwal na pinaglilingkuran ng regional center na may mga nararapat na diagnosis.
- Kailangang manirahan sa tahanan o sa komunidad.
- Dumalo sa inapubahang oryentasyon.
- At sumang-ayon sa pagsunod sa mga patakaran ng programa.

Paano magsimula:

- Dumalo sa Kinakailangang Oryentasyon:
 - Nagdaraos ang HRC ng mga buwanang oryentasyon sa Ingles at Espanyol. Mayroon ding interpretasyon para sa ibang wika kung hihilingin ito nang hindi bababa sa limang (5) araw na bukas ang tanggapan bago ang sesyon at sa panahon ng RSVP.
 - Makipag-ugnayan sa iyong Tagapag-ugnay ng Serbisyo o bisitahin ang aming website para sa impormasyon tungkol sa kung paano magparehistro.
- Dumalo sa lokal na pagpupulong ng Komite ng Pagpapayo ng HRC Hinggil sa Pagpapasya para sa Sarili. Nagpupulong ang grupo sa Ika-1 Miyerkules kada buwan, mula 6-8 PM, sa pamamagitan ng Zoom.

**Magtanong tungkol sa aming mga libreng serbisyo ng Programa ng Pagpapasya para sa Sarili!*

Ano ang Pagpapasya para sa Sarili (SDP)?

Ang Programa ng Pagpapasya para sa Sarili (SDP) ay isang boluntaryong programa na tutulong sa mga taong may mga kapansanan sa pag-unlad at sa kanilang mga pamilya na magkaroon ng mas higit pang kontrol sa mga serbisyo at suportang kailangan nila upang maisakatuparan ang kanilang mga mithiin. Magbibigay ito sa kanila ng pang-indibidwal na badyet na ipambibili nila ng mga serbisyo at suportang kailangan nila upang maipatupad ang kanilang mga pang-indibidwal na planong nakasentro sa tao.

5 Prinsipyo ng SDP:

- **Kalayaang** magamit ang mga parehong karapatan gaya ng lahat ng mamamayan; upang magtakda ng, kasama ang pinili nang malaya na mga suporta, kapamilya at kaibigan, kung saan nila gustong manirahan, kung sino ang gusto nilang makasama sa tirahan, kung paano nila gugulin ang kanilang oras, at kung sino ang susuporta sa kanila.
- **Awtoridad** na kontrolin ang badyet upang bumili ng mga serbisyo at suportang pinili nila;
- **Suporta**, kabilang ang kakayahang magsaayos ng mga mapagkukunan at mga tauhan, na magpapahintulot ng pleksibilidad upang manirahan sa komunidad na pipiliin nila;
- **Responsibilidad**, na kinabilangan ng oportunidad na akuin ang responsibilidad sa pagpapasya sa sarili nilang buhay at tanggapin ang pinahahalagang papel na ginagampanan sa kanilang komunidad, at
- **Kumpirmasyon**, sa pagpapasya sa sarili nilang buhay sa pamamagitan ng pagdidisenyo at pagpapatakbo ng mga serbisyong inaasahan nila.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON, BISITAHIN ANG AMING [WEBSITE](#).